# SAGWAN

*by:*
**Dorothy D. Pingol**
*Teacher I, Capitangan Elementary School*

Sa pagmulat ng aking mata, muli kong nasilayan ang pagbubunyi ng liwanag mula sa Haring-araw. Nasa isip ko ang hatid na pag-asa nitong bagong umaga. Panibagong pakikipagsapalaran ang hatid ng bawat hakbang ko papasok sa silid-aralan. Isang hingang malalim ang aking pinakawalan bago tuluyang pumasok sa silid-pandayan. Nakakapanibago na pagkatapos ng mahigit dalawang dekada, heto ako ngayon, muling papasukin ang buhay mag-aaral. Mula sa mga tagapanday ng unibersidad na ito, mabubusog ng karunungan ang aking isipan. Panibagong pagsasagwan upang maitawid ang hinahangad kong pagpapaunlad bilang isang propesyonal na guro.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa bawat pagpasok sa klase,napupukaw ang aking interes sa mga bagong kaalaman na ibinabahagi sa amin. Kapana-panabik ang bawat talakayang nagaganap sa loob ng apat na sulok ng silid-pandayan. Dito, napagtanto ko na wala sa gulang o estado ang pagnanais na matuto kundi nasa puso. Ang bawat pagtibok ng puso ang magdidikta at gagabay upang mapaunlad ang ating sarili. Walang sinumang maaring magdikta o maglagay ng tuldok sa kung hanggang saan lamang tayo. Masarap sa pakiramdam na hindi lang napunlaan ng mga bagong kaalaman at kasanayan ang aking isipan kundi nadagdagan ang magaganda kong karanasan sa pakikipag-ugnayan. Dito ko muling naramdaman ang kakaibang saya na dulot na hatid ng pag-aaral. Pakiramdam ko ay nagbalik ang aking kamusmusan na nasasabik maturuan. Nagdudulot din ng inspirasyon ang bawat katagang namumutawi mula sa labi ng mga magigiting kong tagapanday ng kaalaman.

Hanggang sa dumating ang pandemya. Wala ni isa man sa atin ang nakapaghanda. Pandemya na nagpaalon sa aking pakikipagsapalaran. Pandemya na nagdulot ng mabagsik na hagupit sa lahat ng antas lalo na sa edukasyon. Ngayon, mas mahigpit kong kinapitan ang aking sagwan at naghanda sa panibagong paglalakbay. Tulad ng inaasahan ang klase ay naganap na lamang sa pamamagitan ng zoom o google meet. Asynchronous o Synchronous ay pawang ginawang tulay sa patuloy na pagpapanday ng kaalaman. Ang lahat ay natutong yumakap sa teknolohiya. Lubhang naging mas mahaba at mahirap ang bawat pagsagupa namin sa mga naglalakihang alon. Nariyang ibig ko ng huminto sa pagsagwan. Dumating din sa punto na naisip kong bitiwan na lang ang sagwan, nang sa gayon, wala ng dahilan upang magpatuloy sa patutunguhan.

Gayunpaman, ang aming mga tagapanday ay nakahandang umagapay. Patuloy sila sa pagbibigay ng direksyon sa tamang daan. Patuloy na nagbibigay ng ilaw sa makulimlim na kapaligiran. Nauunawaan nila ang mga pagkakataon na kami ay nanghina at naghanap ng kapahingahan. Hindi sila huminto sa pagpapaalala na dapat kaming sumabay sa direksyon ng alon upang hindi kami mahirapan kasabay ang mataimtim na dasal. Ang maliliit na pagsagwan ang nagsilbing kompas sa pagsagupa sa mga naglalakihang alon. Nangangahulugan ito na makararating din kami sa dalampasigan kung saan sila naghihintay. Sa pag-ahon namin, tagumpay ay abot-kamay. Maraming salamat sa aming mga tagapanday, sila ay kahanga-hangang tunay at dapat tumanggap ng parangal at pagpupugay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://sirdelicious.wordpress.com/2012/04/18/taas-noo-sa-mga-guro/

https://ask.salemstate.edu/sites/default/files/solution/attachments/What%20is%20Learning%20Modality_2.pdf

https://www.researchgate.net/publication/350693129_Learning_Styles_and_Preferred_Learning_Modalities_in_the_New_Normal